

## **PROKLAMASYON NG GOBERNADOR PARA SA SAKUNA**

SAPAGKAT, simula Martes, Pebrero 1, 2022, at posibleng magpatuloy hanggang sa umaga ng Biyernes, Pebrero 4, 2022, ang National Weather Service ay nagtataya na ang Winter Storm Landon ay makakaapekto sa malaking mayorya ng mga lalawigan sa Estado ng Illinois, na magdudulot ng makabuluhang pag-ulan ng mula siyam hanggang labingwalong pulgada ng niyebe sa malalaking bahagi ng Illinois, kasama ng yelo, ulan, at malakas na hangin; at,

SAPAGKAT, ang bagyong ito ay lumilikha ng banta ng malaki hanggang sa matinding pagkagambala sa araw-araw na pamumuhay sa mga bahagi ng estado mula sa Chicago at sa Lake Michigan hanggang sa gitnang Illinois, at higit pang nagbabanta ng mga kaunti hanggang sa katamtamang epekto sa buong karamihan ng natitirang bahagi ng Illinois; at,

SAPAGKAT, kabilang sa mga paggambalang banta ng paparating na bagyong ito ang pagkawala ng kuryente sa mga tirahan at negosyo, mga kalsadang natatakpan ng niyebe at yelo na may malabong tanawin na humahadlang sa pagbibiyaha, pag-ihip at pag-anod ng niyebe, at mga lokal na tauhan sa kalsada na labis ang pasanin; at,

SAPAGKAT, ang pagpapalano at pagsusuri ng Illinois Emergency Management Agency ay nagpapahiwatig na ang mga epekto ng bagyong ito ay inaasahang mauubos nito ang mga lokal na mapagkukunan at kakayahan, at nangangailangan ng paunang pagpoposisyon at paglalagay ng mga mapagkukunan ng estado upang tumugon at makabangon mula sa bagyo; at,

SAPAGKAT, ang mga kalagayang ito ay nagbibigay ng legal na katwiran sa ilalim ng Seksyon 7 ng Illinois Emergency Management Act para sa pagpapalabas ng proklamasyon ng sakuna sa pagsisikap na matiyak na ganap na handa ang Estado na protektahan ang kalusugan at kaligtasan ng lahat ng residente; at,

SAPAGKAT, ang Konstitusyon ng Illinois, sa Artikulo V, Seksyon 8, ay nagsasabi na “ang Gobernador ay magkakaroon ng pinakamataas na kapangyarihang ehekutibo, at mananagot para sa matapat na pagpapatupad ng mga batas,” at nagsasaad, sa Preamble, na ang pangunahing layunin ng Konstitusyon ng Illinois ay “maglaan para sa kalusugan, kaligtasan, at kapakanan ng mga tao”;

NGAYON, SAMAKATUWID, sa kagustuhang tulungan ang mga mamamayan ng Illinois at mga lokal na pamahalaan na responsable para sa pagtiyak ng pampublikong kalusugan at kaligtasan, ako, si JB Pritzker, Gobernador ng Estado ng Illinois, ay nagpapahayag ng mga sumusunod:

Seksyon 1: Alinsunod sa mga probisyon ng Seksyon 7 ng Illinois Emergency Management Agency Act, 20 ILCS 3305/7, nakita ko na ang isang sakuna ay umiiral sa loob ng Estado ng Illinois at partikular na idineklara ang lahat ng mga lalawigan sa estado bilang mga lugar ng kalamidad. Pinahihintulutan ng proklamasyong ito ang paggamit ng

lahat ng mga kapangyarihang pang-emerhensiya na ibinigay sa Seksyon 7 ng Illinois Emergency Management Agency Act, 20 ILCS 3305/7, kabilang ngunit hindi limitado sa mga partikular na kapangyarihang pang-emerhensiya na nakasaad sa ibaba.

Seksyon 2. Ang Illinois Emergency Management Agency ay inatasang ipatupad ang State Emergency Operations Plan at ayusin ang mga mapagkukunan ng Estado upang suportahan ang mga lokal na pamahalaan sa pagtugon sa kalamidad at mga operasyon sa panunumbalik.

Seksyon 3. Upang makatulong sa mga emerhensiyang pagbili na kinakailangan sa pagtugon at iba pang mga pang-emerhensiyang kapangyarihan na awtorisado ng Illinois Emergency Management Agency Act, ang mga probisyon ng Illinois Procurement Code na sa anumang paraan ay pinipigilan, hinahadlangan o inaantala ang mga kinakailangang aksyon para makayanan ang sakuna ay sinuspinde hanggang sa panahon na hindi sila hinihiling ng batas pederal.

Seksyon 4: Mapapadali ng proklamasyong ito ang paghiling para sa Pederal na tulong para sa kalamidad kung ang isang kumpleto at komprehensibong pagsusuri ng pinsala ay nagpapahiwatig na ang epektibong muling pagbangon ay lampas sa mga kakayahan ng Estado at ng mga apektadong lokal na pamahalaan.

Seksyon 5: Ang proklamasyong ito ay kaagad na magkakabisa.

---

JB Pritzker  
Gobernador

Petsa: Pebrero 1, 2022